# Mga balita sa Tsu

**January 2024**
タガログ語

Tsu City International Exchange Association
23-1 Nishi Marunouchi Tsu City Tel:059-229-3146
http://tiea.jp E-mail:info@tiea.jp

FELIZ ANO NOVO
Maligayang bagong taon
あけましておめでとう
Feliz año nuevo
Happy new year

**Sarado ang City Hall mula Disyembre 29, 2023 hanggang Enero 3, 2024**

## MGA BUKAS NA KLINIKA SA KATAPUSAN NG TAON AT BAGONG TAON

Tiyaking tumawag muna bago pumunta ng klinika

### Tsu-shi Kodomo Oukyuu Clinic

(Tsu City Osato Kubota-cho 327-1) Sa loob ng area ng Mie Byouin ☎059-236-5501

| DEPARTMENT | ORAS | 12/24 (Sun) | 12/25 (Mon) | 12/26 (Tue) | 12/27 (Wed) | 12/28 (Thu) | 12/29 (Fri) | 12/30 (Sat) | 12/31 (Sun) | 1/1 (Mon) | 1/2 (Tue) | 1/3 (Wed) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| PEDIATRICS | 10:00-12:00<br>13:00-16:00 | ● | — | — | — | — | — | — | ● | ● | ● | ● |
| | 20:00-23:00 | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● |
| DENTISTRY | 10:00-12:00 | — | — | — | — | — | — | — | ● | — | ● | — |
| | 13:00-16:00 | — | — | — | — | — | — | — | ● | — | — | — |

### Tsu-shi Oukyuu Clinic

(Tsu City Nishimarunouchi 37-8) ☎059-229-3303)

| DEPARTMENT | ORAS | 12/24 (Sun) | 12/25 (Mon) | 12/26 (Tue) | 12/27 (Wed) | 12/28 (Thu) | 12/29 (Fri) | 12/30 (Sat) | 12/31 (Sun) | 1/1 (Mon) | 1/2 (Tue) | 1/3 (Wed) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Internal Medicine | 10:00-12:00<br>13:00-16:00 | ● | — | — | — | — | — | — | ● | ● | ● | ● |
| | 19:30-23:00 | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● |

### Tsu-shi Hisai Kyujitsu Oukyuu Shinryoujo

(Tsu city Hisai Honmachi 1400-2) ☎059-256-6207

| DEPARTMENT | ORAS | 12/24 (Sun) | 12/25 (Mon) | 12/26 (Tue) | 12/27 (Wed) | 12/28 (Thu) | 12/29 (Fri) | 12/30 (Sat) | 12/31 (Sun) | 1/1 (Mon) | 1/2 (Tue) | 1/3 (Wed) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Internal Medicine | 10:00-12:00<br>13:00-16:00 | ● | — | — | — | — | — | — | ● | ● | ● | ● |

**Note:** Ang Pediatrics ay para sa mga batang wala pang 16 ang edad, at ang internal medicine naman ay para sa mga 16 ang edad pataas.

**Mga kailangang dalhin**

- Health insurance card (Kapag hindi niyo ito dala, babayaran niyo ang buong halaga ng inyong bill)
- Medical Subsidy Certificate (Iryouhi Josei Jukyushashou)
- Bayad para sa pagpapa-checkup (may karagdagang bayad ang konsultasyon sa gabi at holiday)
- Dalhin ang prescription booklet (kusuri techou) kung mayroong iniinom na gamot.

**I-check ang sumusunod bago mag year-end holiday**

- Maghanda ng test kit at gamot para sa lagnat upang may magamit kung sakaling magkasakit.
- Sa mga may maintenance na iniinom, humingi ng sapat na gamot para sa holiday.

**Impormasyon tungkol sa mga bukas na klinika sa panahon ng holiday（Bukas 24 oras）**
Mie Emergency Medical Information Center ☎059-229-1199

**Impormasyon tungkol sa First Aid, Medical consultation, Health cconsultation atbp**
Tsu City Emergency & Medical Consultation Dial (Bukas 24 oras) ☎0120-840-299

# SELEBRASYON PARA SA MGA 20 YEARS OLD SA 2024

Sa Japan tradisyon na ang pagdiriwang ng "Coming of Age Day" bilang pagsalubong sa edad na ika-20 taong gulang. Sa araw na ito, iniimbita ng halos karamihan ng lungsod ang lahat ng nag 20 years old at isinasagawa ang seremonya ng "Coming of Age Day".
At dahil ginagawang holiday ang ika-2 Lunes ng Enero, walang pasok ng 3 araw na magkakasunod.
Sa loob ng 4 na taon, ngayong taon lang ulit ang unang pagkakataon na isasagawa ang seremonya ng isahan o saba-sabay ang lahat. Ang seremonya ay matatapos sa loob ng mga 50 minuto.

**Petsa: Enero 7, 2024 (Linggo)** **Venue: Saorina (19-1 Kitakouji-cho, Tsu City)**



- 12:00～ Simula ng tanggapan
- 13:00～ Simula ng Seremonya
- 13:30～ Commemorative events
- 13:50～ Pagtatapos ng seremonya

**Mga partisipante:** Mga ipinanganak sa pagitan ng Abril 2,2003 at Abril 1,2004 na nakarehistro sa Tsu City. Maaari pa ring sumali ang mga wala ng rehistro sa Tsu City dahil nag-aaral o kaya nagtatrabaho na sa ibang lugar.

**Note:** Ang imbitasyon ay ipinadala na noong unang linggo ng Disyembre sa mga nakarehistro sa Tsu City nung kasalukuyan ng Nobyembre 1, 2023. Pakipasa lamang ito sa tanggapan sa mismong araw ng seremonya.

**Mga dapat tandaan**

- Ang pagsuot ng face mask ay opsyonal
- Bawal ang pagdadala ng alak at mga mapanganib na bagay sa venue o lugar ng event
- Hindi rin papapasukin sa loob ang sinumang nakainom ng alak.

＜**Para sa mga katanungan**＞

Tsu City Seishounen Center ☎059-225-7172

# IMPORMASYON PARA SA PAGGAMIT NG LIBRARY

Sa buong Tsu City, mayroong 9 na public library at 2 library room na kahit sino ay pwedeng gumamit. Pwede ding pagawan ng library card mula batang 0 year old. Kapag mayroong library card pwede kayong manghiram ng mga libro, magazine at mga DVD. Pweded rin kayong mag-request ng mga aklat na wala sa library at aklat na nakasulat sa foreign language.



**○Mga pwedeng magpagawa ng library card**

Mga nakatira, mga nagtatrabaho o mga nag-aaral sa Tsu City.

**○Paraan ng aplikasyon**

Pumunta lamang sa malapit na library sa inyo at mag-apply.
Magdala lamang ng ID na pwedeng makumpirma ang pangalan, address at kapanganakan ng taong nais niyong i-apply.

＜**Para sa mga katanungan**＞

Tsu City Library ☎ 059-229-3321

Oras na bukas: 9:00am hanggang 7:00 pm (Weekdays)
9:00am hanggang 5:00pm（Sabado, Linggo at mga holiday)

**Note**: Sarado ito tuwing Martes at huling Huwebes ng bawat buwan

津市図書館HPはこちらから

Tsu City URL

# TRAINING COURSE PARA SA CAREGIVER



**Venue:** Career Academy (School sa harapan ng Matsusaka Station) ☎0598-30-6828
**Tuition fee: Libre** Subalit, kailangan niyong bayaran ang para sa text book na 5,500 yen.
Mayroong "furigana" ang mga kanji na nakasulat sa text book.
**Paraan ng aplikasyon:** Mag-apply lamang sa pinakamalapit na Hello Work sa inyo.
**Panahon ng aplikasyon:** Mula Enero 4, 2024(Thu)~Pebrero 8, 2024 (Thu)
**Interview:** Pebrero 16, 2024 (Fri) **Note:** Ang resulta ng interview ay ipapadala sa inyo sa Peb. 21 (Wed).
**Training period:** Marso 1, 2024 (Fri) hanggang Abril 30, (Tue) 2024
**Oras:** 9:40-16:10 (Sarado tuwing Sabado, Linggo at mga Holiday.)
Kung mayroon mga katanungan, tumawag lamang sa Career Academy.

2 buwang kurso

**<Para sa mga katanungan>**

Career Academy Matsusaka-shi Asahi-cho, 1-Ku 14-11
☎0598-30-6828 Incharge: Yonekura at Horiki

# APLIKASYON PARA SA MUNICIPAL APARTMENT

Ipapamahagi na mula sa Enero 4, (Huwebes) ang [application form para sa apartment ng Lungsod]. Pakisulatan ito ng mga kailangang impormasyon, kumpletuhin ang mga kailangang dukomento at ipasa ito sa Municipal Housing Division mula **petsa 11 (Thu) hanggang petsa 19 (Fri) ng Enero 2024.**

Ang kuwalipikasyon para sa pag-apply sa apartment ng lungsod ay may iba't ibang kundisyon, una na dito ang limitasyon sa kita atbp. Magkakaiba rin ang mga kailangang dukomento depende sa aplikante kaya mangyaring kumunsulta muna sa staff ng Housing Division *(Shiei-Jutaku-ka).*

Sa pag-apply, kailangan niyong magsama ng taong marunong magbasa at magsulat ng Japanese (interpreter).

**<Para sa aplikasyon at mga katanungan>**


Tsu City Municipal Housing Division (Shiei-Jutaku-ka) ☎ 059-229-3190　Hisai Branch Office ☎059-255-8853

# APLIKASYON PARA SA APARTMENT NG PREPEKTURA

## (Para sa buwan ng Enero)

Sulatan ng mga kailangang impormasyon ang application form na makukuha sa bawat construction office ng Mie-ken o sa mga nakatalagang opisina para sa pabahay ng prepektura at ipasa ito mula petsa 5 (Biyernes) hanggang 31 (Miyerkules) ng Enero sa sumusunod na address na nakakasakop sa apartment na nais niyong apply-an.

**< Para sa aplikasyon at mga katanungan >**



**"North area"** (Kuwana-shi, Kawagoe-cho, Yokkaichi-shi, Suzuka-shi, Kameyama-shi)
Suzuka Kameyama Fudousan Jigyou Kyoudou Kumiai ☎ 059-373-6802
〒510-0253　Suzuka-shi Jike 1085-1

**"Central at Iga area"** (Tsu-shi, Iga-shi, Nabari-shi) Iga Nambu Fudosan Jigyo Kyodo Kumiai
☎ 059-221-6171　〒514-0008 Tsu-shi Kamihama cho 1 chome 5-1 Etoile Tsu 102

**"South at East Kishu area"** (Matsusaka-shi, Ise-shi, Owase, Kumano, Mihama)
Iga Nansei Chiku Kanri Jigyou Kyodotai ☎059-222-6400
〒514-0008 Tsu-shi Kamihama cho 1 chome 5-1 Etoile Tsu 102

# PAG-IINGAT AT PAG-IWAS SA SUNOG SA TAHANAN SA KATAPUSAN NG TAON AT BAGONG TAON

Palamig na ng palamig ang panahon at napapadalas na ang paggamit natin ng mga gamit pampainit (heater atbp). Alalahanin po natin na sa kaunting pagkakamali at kaunting kapabayaan, maaring magkaroon ng sunog. Pwedeng magkaroon ng sunog ng dahil sa paglalagay ng mga gamit na madaling masunog malapit sa stove, nakalimutang i-off na gas stove, paninigarilyo sa higaan at iba pa. Bago lumabas ng bahay at bago matulog, tiyaking i-check munang mabuti kung naka-off na ba lahat ng pinagmumulan ng apoy upang maiwasan ang pagkakaroon ng hindi inaasahang sunog.

Suriin ding mabuti kung gumagana ba ang fire alarm sa inyong bahay at kailangan din itong palitan kada 10 taon.

## 7 PAALALA UPANG MAIWASAN ANG SUNOG

- Huwag iiwan ang kalan kapag bukas
- Gumamit ng fire resistant na kurtina at mga gamit sa pagtulog
- Magpakabit ng house fire alarm
- Huwag na huwag maninigarilyo sa higaan
- Maglagay ng fire extinguisher at pag-aralan ang tamang paggamit nito
- Sumali sa mga fire prevention drill
- Ilayo ang stove sa mga gamit na madaling masunog

# DISASTER PREVENTION SEMINAR PARA SA MGA DAYUHAN



Dito sa japan, marami ang nangyayaring likas na sakuna.
Ano ba ang mga dapat gawin kung magkaroon ng malakas na lindol at bagyo dito sa Tsu? Paano kung masira ang bahay? At paano kung magkaroon ng injury?

Sa seminar na ito, pag-aaralan kung paano poprotektahan ang sarili at ang pamilya kung sakaling magkaroon ng malaking sakuna.

Sa mga hindi marunong mag-Japanese, mayroon ditong interpreter kaya huwag kayong mahihiyang sumali.



【**Kailan**】Pebrero 17, 2024（Sabado）13:30～15:30
【**Lugar**】Tsu Region Plaza　(Sa tabi ng Tsu City Hall)
【**Nilalaman**】Saan ang lokasyon ng evacuation center na malapit sa bahay? Paano ang pagtawag ng ambulansya at pagbigay ng first aid. Mga impormasyon para sa pag-iwas sa kalamidad（ano ang pagkakaiba ng babala at anunsiyo ng pag-alerto at iba pa?）

**Para sa mga katanungan:　Shimin kouryu-ka** ☏ 059-229-3146



# "WAI WAI GAYA GAYA" FIESTA

**Kailan**：Enero 7, 2024（Sun）1:00 - 4:00 pm (Bukas ng venue: 12:30)
**Venue**：Tsu Region Plaza　Oshiro hall
**Bayad**：Libre
**Nilalaman**：Mga kanta at dance performance
mula sa iba't-ibang bansa

**＜Para sa mga katanungan＞**
Citizen Communication Division　☎ 059-229-3102



# GAMBARUKAI

## ～Japanese class～

**Lugar**：Takachaya Shimin Center
**Oras**：　6:30 - 8:00 pm (Kada Sabado)
**Bayad**：Adult・100 yen 1beses　　Bata・Libre
★Sali na sa Japanese Class!
★Tuturuan dito ang mga bata sa kanilang homework.
★May mga volunteer na tumutulong sa pagtuturo.

## POPULASYON NG MGA DAYUHANG RESIDENTE SA TSU

（Kasalukuyan ng Disyembre 1, 2023）

| Bansa | | Populasyon | Nadagdag at na bawas sa 1 buwan |
|---|---|---|---|
| 1 | Brazil | 2,248 | -16 |
| 2 | Philippines | 1,797 | 7 |
| 3 | Vietnam | 1,690 | 0 |
| 4 | China | 1,281 | 11 |
| 5 | Indonesia | 620 | -13 |
| 6 | Nepal | 520 | -5 |
| 7 | Bolivia | 426 | -4 |
| 8 | Korea | 407 | 0 |
| 9 | Thailand | 256 | 17 |
| 10 | Myanmar | 241 | 12 |
| Iba pa | | 846 | 11 |
| Total | | 10, 332 | 20 |
| Populasyon ng Tsu | | 271,164 | -202 |

## KONSULTASYON PARA SA MGA DAYUHANG RESIDENTE

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa mga pamamaraan sa city hall gaya ng bayarin sa buwis, social assistance, edukasyon at iba pa, mayroon po tayong interpreter sa International Exchange Section (Shimin-koryu-ka) sa wikang **Portuguese**, **Spanish**, **English** at **Tagalog** kaya huwag kayong mag-atubiling kumunsulta. Mayroon din ditong interpreter sa 14 na wika sa pamamagitan ng video call gamit ang tablet.

**< Para sa mga katanungan >**
International Exchange Section
Shimin-koryu-ka ☎ 059-229-3102

## RESIDENT TAX

Sa **Enero 31 (Wed)** na po ang due date ng (ika-4) na bayarin para sa resident tax. Huwag itong kalilimutang bayaran sa pinakamalapit sa inyong banko, post office o kaya convenience store. Pwede niyo ring gamitin ang pinakamadali na bank transfer.

**<Para sa mga katanungan >**
Tsu City Hall Tax Collection Division
☎ 059-229-3135

## JAPANESE　CLASS

**Venue**：Tsu Center Palace 2F
Chuo Kominkan
☎　059-229-3146
**Oras:** 6:00 pm- 7:45 pm
**Klase sa buwan ng Enero**
Petsa: (7, 14, 21, 28）
**Fee**：Libre

**Para sa mga katanungan**
Shimin-koryu-ka　☎059-229-3146

## VOLUNTEER JAPANESE-LANGUAGE CLASS PARA SA BUWAN NG ENERO

| Tsu Region Plaza 2F | Geino Sougou Bunka Center 2F | Hisai Sogo Fukushi Kaikan | Kawage Kominkan 2F |
|---|---|---|---|
| Sabado | Sabado | Biyernes | Linggo |
| 13 | 6 | 5, 12, 19, 26 | 14, 21, 28 |
| 14:00～15:30 | 18:00～19:30 | 19:00～20:30 | 13:00～16:00 |
| Tsu-shi Nishimarunouchi 23-1 ☎059-229-3146 | Tsu-shi Geino-cho Mukumoto 6824 ☎059-265-6000 | Tsu-shi Hisai Higashi-Takatomachi 20-2 ☎059-255-8839 | Tsu-shi Kawage-Cho Hamada 742 ☎059-244-1701 |